

“Kaya Sinusugo Ko Kayo”

15

Mula sa Kaluwalhatian tungo sa Kaluwalhatian



Ang pagbuo ng pagkatao ay sinasabing pinakamahalagang gawain na ipinagkatiwala sa sangkatauhan. Sa susunod na oras, ating sisiyasatin ang ating pribilehiyo at pananagutan upang maging katulad ni Kristo sa karakter. Samahan ninyo kami ngayon sa mahalagang sandali ng personal na pagbabago habang tayo ay ginagabayan ni Pastor Stephen Wallace "Mula sa Kaluwalhatian tungo sa Kaluwalhatian."

Magandang gabi, mga minamahal kong kapatid, at mapagpalang Sabbath sa inyong lahat. Talagang ginagawa ninyo ang lahat upang pakiramdam ko'y nasa Montana ako. May tunay na snow sa kalsada, at ito'y naging nakatatokot para sa ilan sa inyo dito sa Timog, kung saan bihira kayong makakita nito. Ngunit salamat sa inyong pagtangka sa mga elemento at pagpiling dumalo ngayong gabi.

Isang pribilehiyo ang mag-aral kasama ninyo ng pinakamahalagang gawaing ipinagkatiwala sa sangkatauhan. At ano nga ba iyon? Ang paglinang ng karakter. **Edukasyon, pahina 225.** Sabayan ninyo ako. Tandaan, ito'y kinakailangan sa kurso, dapat itong memoryado ninyo bago matapos ang ating mga pag-aaral. Ito na: **"Ang paglinang ng karakter ang pinakamahalagang gawaing ipinagkatiwala sa sangkatauhan, at hindi pa kailanman naging napakahalaga ang masigasig na pag-aaral nito kundi ngayon."** Marami sa inyo ang mas mahusay sa huling salita kaysa sa natitirang bahagi ng pahayag. Ang paglinang ng karakter, tunay nga, ang pinakamahalagang gawain, at hindi pa kailanman naging napakahalaga kundi ngayon sapagkat malapit nang dumating ang Hari.

Ngunit marami pa tayong dapat gawin. **Mayroon tayong ebanghelyong dapat dalhin sa bawat bansa, lahi, wika at bayan {Apocalipsis 14:6}, at dapat din nating ihanda ang ating mga buhay. {Apocalipsis 14:7}** Subalit muli, ang matagumpay na pagtupad ng dalawang tungkuling ito ay nakasalalay sa iisang bagay, at iyon ay ang paglinang ng karakterng katulad ni Kristo. Sapagkat hindi tayo magiging mabisang saksi para sa Hari o karapat-dapat na mamamayan ng kaharian maliban kung taglay natin ang karakterng katulad ni Kristo. Mga minamahal kong kapatid, kakaunti na lang ang oras. **Nangangailangan ng panahon ang paglinang ng karakterng katulad ni Kristo. {5T 618.1}** Wala tayong oras na dapat aksayahin. Salamat sa inyong pagbabalik at masigasig na pag-aaral kasama ko kung ano ang sinasabi ng Panginoon tungkol sa ating papel sa prosesong ito ng paglinang ng karakter.

Hindi natin kayang gawing katulad ni Kristo ang ating karakter, dapat tayong magbago **"mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, sa pamamagitan ng..."** sino? **"...Espiritu ng Panginoon."** {2 Corinto 3:18} Ngunit hindi tayo maaaring baguhin ng Banal na Espiritu kung hindi tayo makikipagtulungan. At napakahalagang malaman natin kung paano makikipagtulungan. At sa yugtong ito ng ating serye, tinitingnan natin ang dalawahang probisyon at kung ano ang ginagawa nitong posible. Ang dalawahang probisyong ito ay matatagpuan natin habang tayo ay nakaluhod sa paanan ng krus, na sinisimbolo ng **dugo at tubig na umaagos mula sa sinaksak na tagiliran ni Hesus. {Juan 19:34}** Masusing pinag-aralan natin na sa pamamagitan ng dugo tayo ay inaaaring-ganap. Sa pamamagitan ng tubig tayo ay pinababanal. At sa pamamagitan ng dalawahang probisyong ito ng biyaya, ang kaluwalhatian ni Kristo ay naibabalik sa atin. Ang dugo ang nagbibigay ng pundasyon. Ang tubig ang nagbibigay ng kapangyarihan. At habang natututo tayong makipagtulungan sa Banal na Espiritu, na siyang sinisimbolo ng tubig, makakabuo tayo ng templo ng karakter sa ikaluluwalhati ng Diyos, na hindi lamang mananatili sa panahon, kundi magtatagal hanggang sa walang hanggan. Amen? {Amen}

...hanggang sa walang hanggan. Ngunit ang gayong karakter ay dapat itayo sa matatag na pundasyon ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya... kay Kristo lamang.

At mga minamahal kong kapatid, upang matagumpay na mabuo ang gayong karakter, dapat tayong maging malakas at wastong namomotibeyt. Nais kong ulitin iyan: Dapat tayong maging malakas at wastong namomotibeyt. Bakit? Sapagkat nangangailangan ng masigasig at matiyagang pagsisikap upang makipagtulungan sa makapangyarihang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Gaya ng ating napag-usapan, dapat nating matutunang **ingatan ang puso nang buong... ano? ...sigasig. {Kawikaan 4:23}** Ang **"buong sigasig"** ba ay nagpapahiwatig ng partikular na dami ng pagsisikap? Oo, tunay nga. At bakit kailangan nating matutunang ingatan ang puso nang buong sigasig? Sapagkat **kung ano ang iniisip ng tao sa kanyang puso, gayon siya. {Kawikaan 23:7}** At tandaan, iyan talaga ang karakter. Ito ang gawain ng puso. At ang puso, ayon sa ating kahulugan, ay ang kaluluwa na sumasaklaw sa katalinuhan at damdamin.

Ano ang tawag sa gawain ng katalinuhan? Ang mga pag-iisip.

Ano ang tawag sa gawain ng damdamin? Ang mga damdamin.

At tandaan, ano ang ating pangunahing kahulugan sa "karakter"? **"Ang mga pag-iisip at damdaming pinagsama ay bumubuo sa moral na karakter." Testimonies, ikalimang tomo, pahina 310.** Kaya makatuwirang isipin, kung nais nating magkaroon ng karakterng katulad ni Kristo, dapat nating matutunang pamahalaan nang masigasig ang ating mga pag-iisip at damdamin. Amen? {Amen} Dapat nating matutunang magkaroon ng pag-iisip ni Kristo. **Magkaroon kayo ng pag-iisip na taglay ni Kristo Hesus. {Filipos 2:5}** Iyan ang tunay na kahulugan ng pagiging Kristiyano. Ito ay higit pa sa pagsasalita at pamumuhay nang tama. Ito ay una sa lahat ay ang pag-iisip ng tamang kaisipan. Amen? {Amen} At mga minamahal kong kapatid, madalas nating niloloko ang ating mga sarili na dahil magaling tayong magsalita at mamuhay nang tama, iniisip nating tayo ay mga Kristiyano na, kahit maaaring hindi naman talaga. Maaaring hindi ka kung ano ang iyong iniisip na ikaw, ngunit kung ano ang iyong iniisip, iyon ka. **"Kung ano ang iniisip ng tao sa kanyang puso, gayon siya." {Kawikaan 23:7}** At ang pag-aaral na pamahalaan ang mga pag-iisip ay nangangailangan ng buong sigasig, matiyagang pagsisikap.

At iyan ay nangangailangan ng malakas na motibasyon. Hindi tayo magtatagal sa pag-aaral na **dalhin ang bawat pag-iisip sa pagtalima kay Kristo {2 Corinto 10:5}** - na tandaan ay ating layunin - hindi tayo magtatagal sa pagkamit ng layuning iyan maliban kung tayo ay may malakas na motibasyon. At ngayong gabi nais kong pag-usapan kasama ninyo ang tanging bagay na sapat na malakas at nararapat na motibasyon. Napakahalagang pag-aaral ngayong gabi. Titingnan natin ang ipinag-utos ng Panginoon sa atin. Matapos Niyang ibigay sa walang hanggang halaga para sa Kanyang sarili ang dugo at tubig, ang lubos na sapat na dalawahang probisyon ng biyaya, kung saan ang kaluwalhatian ng Diyos ay maibabalik sa atin alang-alang kay Kristo, Siya ay nagbigay sa atin ng kapansin-pansin at pamilyar na mga salita. Pamagat ng pag-aaral natin ngayong gabi: **"Kaya Sinusugo Ko Kayo"** Ah, ang kahalagahan niyan, ang simpleng ngunit kapansin-pansing komprehensibong komisyon ay kung saan natin dapat ituon ang ating pansin.

Ngunit bago natin buksan ang Bibliya, ano ang dapat muna nating gawin? Buksan ang ating mga puso... Tandaan ang ating pamamaraan sa paggunita? Huwag kang magbubukas ng Bibliya, hangga't hindi mo, ano? Binubuksan ang iyong puso. Kaya lumuhod po kayo kasama ko para sa ilang sandali ng tahimik na panalangin, personal na iniimbitahan ang Espiritu ng Diyos sa inyong sariling puso. At pakiusap, hinihiling ko ang inyong mga panalangin ngayong gabi. Ipanalangin din ninyo ang inyong kapatid.

Ama sa Langit, pinasasalamatan Ko Kayo para sa santuwaryo sa panahong ito, na ating pinasok sa banal na araw na ito. At pinasasalamatan Ko rin Kayo para sa santuwaryo sa espasyong ito, ang banal na tahanan ng panalangin. At pinasasalamatan Ko Kayo na ang oras at espasyo ay banal kapag naroroon ang Inyong Banal na Espiritu. At iyan ang aming inaanyayahan ngayon... ang Inyong Espiritu. Pumarito Kayo sa lugar na ito... punuin ang bawat sandali ng panahong ito. Higit sa lahat, pumasok Kayo sa aming mga puso. Alam naming Kayo ay narito, sa aming kalagitnaan bilang kongregasyon sapagkat Inyong ipinangako, "Kung saan may dalawa o tatlong nagkakatiyon sa Aking Pangalan, naroroon Ako sa kanilang kalagitnaan." Ngunit hindi kami nasisiyahan na Kayo ay narito lamang sa aming kalagitnaan bilang kongregasyon. Nais naming Kayo ay narito sa aming kalagitnaan bilang mga indibidwal. Kaya binubuksan naming maluwang ang pintuan ng aming mga templo ng katawan, at sinasabi namin: "Pumasok Kayo makalangit na Panauhing, pumasok Kayo, pakiusap." Palakas in at pasiglahin ang aming mental at espirituwal na kakayahan. Bigyan niyo kami ng espirituwal na pang-unawa na kailangan namin kung nais naming maunawaan ang katotohanan sa pamamagitan ng katalinuhan, tanggapin ito sa pamamagitan ng damdamin, at higit sa lahat, isuko rito ang kalooban. Panginoong Diyos, tulungan niyo po kaming maunawaan, lalo na ngayong gabi, kung paano kami maaari at dapat na magkaroon ng wastong motibasyon upang magpatuloy sa pagbuo ng karakter ng katulad ni Kristo sa ikaluluwalhati ng ating Tagapagligtas at sa Inyong kaluwalhatian, isang pagbuo ng karakter na magtatagal sa buong panahon, at magpakailanman. Pakigabayan at patnubayan ang aking mga pag-iisip at salita. Nais kong magsalita ng katotohanan at katotohanan lamang sa Inyong ngalan. Ipadikit ang aking dila sa ngalangala ng aking bibig kung may sasabihin akong anumang bagay na magsisinungaling sa katotohanan. Ngunit kalagan ang aking dila at gabayan at patnubayan ito upang aking maipahayag, nang may kalinawan at katumpakan, ang katotohanan na nasa kay Hesus. Ibinibigay ko sa Inyo ang aking buong pagkatao para sa layuning iyan. Pakiusap na gamitin niyo ako. Hinihiling ko ito sa pangalan ni Hesus, amen.

Ang pamagat ng ating pag-aaral, "**Kaya Sinusugo Ko Kayo,**" ay mula sa **Juan 20:21**. Tayo ay nasa pahina 34, sa ilalim ng aralin 15, "**Kaya Sinusugo Ko Kayo.**" **Juan 20: 21: "Sinabing nga sa kanila ni Jesus na muli, 'Kapayapaan ay sumainyo! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman sinusugo ko kayo.'**" Ngayon iyan ay mula sa New King James version. Ang mas pamilyar na King James ay "**kaya sinusugo ko kayo.**" Mga minamahal kong kapatid, pag-isipan natin ang malalim na kahalagahan ng komisyong ito. Ipinapadala tayo ni Hesus upang gawin para sa Kanya ang ginawa Niya para sa Ama. Malinaw ba iyan? "**Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman sinusugo ko kayo.**"

Ano ang ipinagawa ng Ama sa Anak? Napag-aralan na natin iyan: Ipinadala Niya Siya para sa dalawang layunin. Ano nga ba ito? Upang ipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa tao, at ibalik ang kaluwalhatian ng Diyos sa tao.

Mga minamahal kong kapatid, dapat ninyong malaman na iyan mismo ang ipinag-uutos ni Kristo sa atin na gawin para sa Kanya. "**Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman sinusugo ko kayo.**" Nakikita ninyo, si Hesus ay malapit nang bumalik sa Ama. At lubos Niyang nalalaman na dapat magpatuloy na magkaroon sa planetang Lupa ng tamang paglalarawan ng Kanyang karakter. Sapagkat sa kabila ng lahat, patuloy na magsisinungaling si Satanas sa sangkatauhan at maghahangad na magsinungaling tungkol sa karakter ng Diyos. Samakatuwid, dapat mayroong magtuwid ng katotohanan. Amen? Dapat mayroong magpahayag ng katotohanan tungkol sa karakter ng Diyos. At sino ang dapat gumawa nito? Iyan ay ang Kanyang mga alagad... yaong mga sumusuko sa Kanyang Pagkapanginoon at sa Kanyang disiplina, na siyang kahulugan ng pagiging alagad. Ang ibig sabihin nito ay mapasailalim sa disiplina at Pagkapanginoon ni Hesukristo. Ang ibig sabihin nito ay maging Kanyang bayan.

Mga Hakbang kay Kristo, pahina 115; pakinggan ang kahanga-hangang pahayag na ito: "**Ang mga anak ng Diyos ay tinawag upang maging kinatawan ni Kristo, na nagpapakita ng kabutihan at awa ng Panginoon. Kung paanong ipinahahayag sa atin ni Hesus ang tunay na karakter ng Ama, gayon din naman dapat nating ipahayag si Kristo sa mundong hindi nakakakilala sa Kanyang malambot, mapagkaawang pag-ibig. 'Kung paanong isinugo Mo Ako sa sanlibutan, 'wika ni Hesus, 'gayon din naman isinugo Ko sila sa sanlibutan.'**" Nakikita ba ninyo ang direktang pagkakatulad sa pagitan ng misyon ni Kristo sa sangkatauhan, na ibinigay sa Kanya ng Ama, at ang ating misyon na ibinigay sa atin ni Hesus? Malinaw ito, direkta. Nakikita ninyo mga minamahal kong kapatid, pakiunawa ang napakaseryosong pananagutan na tinatanggap ng isang tao kapag sila ay nagpapahayag na sila ay "Kristiyano." Tayo, bilang ganoon, ay dapat maging mga sugo ni Kristo. Dapat nating kumatawan sa Kanya sa mundong ito.

At pakitandaan na may karapatan ang mundo na magkaroon ng konklusyon tungkol kay Hesukristo mismo batay sa kung paano kumilos ang mga Kristiyano. Amen? Hindi ba? Oo, mayroon sila. Dapat tayong maging buhay na mga sulat, na kilala at binabasa ng lahat ng tao. At ang mensaheng ating ibinibigay ay dapat maging kapahayagan kung ano si Hesukristo. Iyan ay isang mabigat na pananagutan, hindi ba? Nakikiusap ako sa inyo, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, huwag ninyong gamitin ang pangalan ni Kristo sa walang kabuluhan! At hindi ako nagsasalita tungkol sa pagmumura, hindi ba? Nagsasalita ako tungkol sa mas masubtle na paraan ng paggamit sa Kanyang pangalan sa walang kabuluhan. Nagsasalita ako tungkol sa pagpapahayag na isang Kristiyano, habang hindi katulad ni Kristo sa karakter. Iyan ba ay paggamit sa Kanyang pangalan sa walang kabuluhan? Oo, tiyak na ganoon nga.

Isa sa mga pinakakatakot at mabigat na paghatol na matatagpuan sa Kasulatan ay yaong ipinahayag ng Diyos tungkol sa Kanyang mga piniling tao. Sinabi Niya tungkol sa kanila, "**Ang Aking pangalan ay nila-lapastangan sa gitna ng mga Gentil dahil sa inyo.**" "**Ang Aking pangalan ay nila-lapastangan sa gitna ng mga Gentil dahil sa inyo.**" {Roma 2:24} Nakita ninyo, sila ay kilala bilang piniling bayan ng Diyos, ngunit tama ba ang kanilang pagkatawan sa Kanya? Sinabi ba nila ang katotohanan tungkol sa Kanyang karakter? Hindi, at ang Diyos ay nakakuha ng napakasama na impresyon dahil sa mga patay na sulat na iyon. Mga minamahal kong kapatid, huwag nawa ipahintulot ng Diyos na sinuman dito ay kailangang hatulan ng ganyang paghatol. "**Ang Aking pangalan ay nila-lapastangan dahil sa inyo.**"

At ipinapahayag ko na ang pananagutang nakaatang sa atin bilang mga Kristiyanong Seventh Day Adventist ay lalong dakila sapagkat nakikita ninyo, tayo... ay hindi lamang nagpapahayag na mga Kristiyano, kundi ipinapahayag natin na tayo ang natitirang bayan ng Diyos, na may napakadakila at napakabigat na misyong dapat tuparin sa mga huling oras ng kasaysayan ng mundo. Amen? {Amen} At buong puso kong pinaniniwalaan iyan, mga minamahal kong kapatid. Hindi ito nangangahulugang mas mabuti tayo kaysa sa iba, ngunit dapat ninyong paniwalaan na ito ay nagbibigay sa atin ng mas malaking pananagutan kaysa sa iba. {Amen.} Mayroon tayong napakabigat na pananagutan.

Tayo ay itinaas at pinangalanan at binigyan ng napakadakilang mensaheng dapat ipahayag sa bawat bansa, lahi, wika at bayan. Ano ito? Ito ang mensahe ng tatlong anghel. At paano ito nagsisimula? "**Na taglay ang walang hanggang ebanghelyo...**" {Apocalipsis 14:6} Ah, pakiusap huwag ninyong kalimutan ang kontekstong iyan. Hindi natin maaaring ipahayag nang tama ang mensahe ng tatlong anghel maliban kung taglay natin ang walang hanggang ebanghelyo. "**Na taglay ang walang hanggang ebanghelyo, na nagsasabi ng malakas na tinig, 'Matakot kayo sa Diyos at magbigay ng... {kaluwalhatian} kaluwalhatian sa Kanya.'**" Ano ang ibig sabihin ng pagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos? Ibig sabihin nito ay ipakita ang Kanyang karakter sa ating sarili, mga kaibigan. Paano, sabihin nga ninyo, maaari nating matagumpay na matupad ang ating misyon at ipahayag ang gayong mensahe

kung tayo mismo ay hindi nagpapakita ng karakter ng Diyos? ...at sa gayon ay nagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos? Kaya, ipinapahayag ko na ang pananagutan ay mas mabigat pa sa mga balikat ng mga Kristiyanong Seventh-day Adventist.

Narito ang isa pang pahayag: **Review and Herald, Abril 30, 1889: "Naparito si Kristo upang ipakilala ang Ama sa tao. Ipinahayag Niya ang kalikasan ng Diyos sa mundo. Si Satanas ay nagsinungaling tungkol sa Ama. Inilalarawan niya Siya bilang isang nialalang na puno ng paghihiganti, na walang pagtitiis, walang awa, walang pasensya, walang pag-ibig. Dinamitan niya Siya ng kanyang sariling mga katangian; ngunit si Kristo ay naparito, at nagkatawang-tao, upang maipahayag sa sangkatauhan ang tunay na karakter ng Ama; at dapat nating ipakilala si Kristo sa mundo, katulad ng pagpapakilala ni Kristo sa Ama."** Nakita ba ninyo ang direktang pagkakatulad? O kapatid kong lalaki, kapatid kong babae... napakalaking pananagutan. Napakabigat na kaisipan.

Ngayon, paano natin matutupad ang komisyong ito? Paano? Paano natin magagawa para kay Kristo ang ginawa Niya para sa Ama? Paano tayo magagamit Niya upang ipahayag ang Kanyang kaluwalhatian sa tao, at makipagtulungan sa Kanya, upang ang Kanyang kaluwalhatian ay maibalik sa tao? Paano? Tanging sa pamamagitan lamang, ipinapahayag ko, tanging sa pamamagitan ng paglapit araw-araw sa paanan ng krus at pagtanggap sa pamamagitan ng pananampalataya ng dalawahang probisyon ng biyaya, na sinisimbolo sa dugo at sa tubig. At mga kaibigan, nasa mismong konteksto ng komisyong ang dalawang probisyong ito. At nais kong pansinin ninyong mabuti ang pagkakasunod-sunod kung paano ito ipinakita. Ito ay napakamakabuluhan. Tingnan natin ang mas malawak na konteksto ng komisyong.

Ang komisyong ay matatagpuan sa **Juan 20:21. "Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman sinusugo ko kayo."** Ngunit pansinin ito sa mas malawak na konteksto; simulan natin sa talata 19. **Juan 20:19: "Nang gabing iyon ng unang araw ng linggo, nang nakasara ang mga pinto ng lugar na piangtitiponan ng mga alagad dahil sa takot sa mga Judio, dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila, at sinabi sa kanila, 'Sumainyo ang kapayapaan.'" Ah, mahahalagang salitang pagbati. Narinig ba ninyo? "Sumainyo ang kapayapaan."** Ano ang kahalagahan ng mga salitang iyan? Pakitandaan. **talata 20: "Nang sabihin Niya ito, ipinakita Niya sa kanila ang Kanyang..."** ano? **"ang Kanyang mga kamay at ang Kanyang tagiliran. At nagalak ang mga alagad nang makita nila ang Panginoon. At sinabi sa kanila ni Hesus na muli," talata 21: "Sinabi nga sa kanila ni Hesus na muli: 'Kapayapaan ay sumainyo.'" Ano ang kahulugan ng dalawang beses na inulit na katiyakan... na sila ay may kapayapaan? Ano ang kahalagahan nito? Mga minamahal kong kapatid, tinitiyak Niya sa kanila na sa pamamagitan ng dugo, sila ay inaring-ganap, at sa gayon ay may kapayapaan sa Diyos.**

Nakita ninyo, **Roma 5:1**, ano ang sinasabi nito sa atin? **"Kaya nga yamang inaring-ganap sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo."** Ano ang tanging batayan kung bakit tayo may kapayapaan sa Diyos? Ang pag-aaring ganap sa pamamagitan ng... ano? ...ng pananampalataya. Pananampalataya sa Kanyang... ano? **Roma 5:9: "yamang inaring-ganap ngayon sa pamamagitan ng Kanyang dugo."** Ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa dugo ni Kristo kung bakit tayo may kapayapaan sa Diyos. Naniniwala ako na iyan ang dahilan kung bakit matapos sabihin ni Hesus ang **"Sumainyo ang kapayapaan"** sa unang pagkakataon, ...ano ang Kanyang ginawa? Itinuro Niya ang Kanyang ano? Ang Kanyang kamay. Ano ang umagos mula sa Kanyang sugat na kamay? Dugo. At itinuro Niya ang Kanyang ano? Ang Kanyang tagiliran. Ano ang umagos mula sa Kanyang sugat na tagiliran? Dugo. Para bang sinasabi Niya, *"Ang kapayapaang ito ay nakabatay sa Aking nabuhos na dugo. At dahil sa Aking ginawa, at tinanggap ninyo sa pamamagitan ng pananampalataya, kayo ay may kapayapaan sa Diyos."* Nakikita ninyo mga kaibigan, ito ang pundasyon, na dapat nating pagtatayuan ng templo ng karakter. At ito lamang ang tamang motibasyon upang gawin ito.

Ngayon sundan ninyong mabuti ang ibig kong sabihin dito. Napakamakabuluhan na bago hilingin ni Kristo sa Kanyang mga alagad na gumawa ng anuman para sa Kanya, dalawang beses Niyang tiniyak sa kanila na mayroon na silang kapayapaan sa Diyos sa batayan ng Kanyang ginawa para sa kanila. Ipinapahayag ko na ito ay napakamakabuluhan. Nais kong ulitin iyon. Bago Niya binigyan ng komisyon ang mga alagad, at habang ito ay umalingawngaw hanggang sa atin, bago Niya tayo binigyan ng kapansin-pansing komisyong ito, "**Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman sinusugo ko kayo.**" Ano ang dalawang beses Niyang tiniyak sa ating lahat? ...na mayroon tayong ano? Kapayapaan sa Diyos sa batayan ng Kanyang ginawa para sa atin. Ngayon, bakit ito napakamakabuluhan? Bakit ito napakamakabuluhan?

Sapagkat mga minamahal kong kapatid, nais ni Hesus na tayo ay magkaroon ng tamang motibasyon upang gawin para sa Kanya ang ginawa Niya para sa Ama. Nakita ninyo, ito ang dahilan kung bakit hindi Niya sinabi, "*Kung paanong sinugo ako ng Ama gayon din naman sinusugo ko kayo, at kung gagawin ninyo nang kasing husay ang ginawa Ko para sa Kanya, magkakaroong kayo ng kapayapaan sa Diyos.*" Purihin ang Panginoon, hindi Niya inilagay sa ganoong paraan. Amen? Kung ginawa Niya, ano ang gagawin natin? Lahat tayo ay magsisipag-aral at magsisikap na makamit ang ating pagtanggap, ang ating kapayapaan sa Diyos, sa batayan ng ating pagganap. Nakakasunod ba kayo? At alam na alam ni Hesus na ang likas ng tao ay lubhang mahilig gawin iyan. Kaya upang protektahan tayo mula sa napakataong ugaling iyan, dalawang beses bago Niya hiniling sa atin na gumawa ng anuman para sa Kanya, tiniyak Niya sa atin na tayo ay tinanggap na at may kapayapaan sa Diyos sa batayan ng Kanyang ginawa para sa atin. Ngayon mga minamahal kong kapatid, dapat tayong magtrabaho para sa Kanya, hindi upang makamit ang ating pagtanggap, kundi dahil tayo ay tinanggap na. May nakakarinig ba ako ng "amen"? {Amen}

Iyan, sa mga iba pa, ang pinakamalakas na motibasyon na maaaring malaman ng puso ng tao. Nakita ninyo, pakiintindi... at sa mga iba pa, kinikilala ito ng modernong sikolohiya at psychiatry. Pakiintindi na ang pinakadakilang pangangailangan ng puso ng tao ay ang pagtanggap. Narinig ba ninyo iyon? Ang pinakadakilang pangangailangan ng puso ng tao ay ang, ano? Pagtanggap. At pakiintindi pa, na ang nagmomotiba sa atin nang pinakamalakas ay ang tumutugon sa ating pinakadakilang mga pangangailangan. Nasundan ba ninyo ang hakbang na iyon? Ang nagmomotiba sa atin nang pinakamalakas ay ang tumutugon sa ating pinakadakilang mga pangangailangan. At ano ang ating pinakadakilang pangangailangan? Ito ay ang matanggap. Ngayon ang pangangailangang ito ay napakalakas na tayong lahat ay nagsisikap tungkol sa pangangailangang ito.

Ngunit ang lahat ay maaaring hatiin sa isa sa dalawang grupo - dalawa lamang - isa sa dalawang grupo: yaong nagsisikap upang makamit o matanggap, at yaong nagsisikap dahil sa pasasalamat at pagpapahalaga sa katotohanang sila ay tinanggap na. Nakuha ba ninyo iyon? Ang pangangailangang ito para sa pagtanggap ay napakalakas, na ang lahat ay gumagawa tungkol dito, ngunit ang lahat ay napapabilang sa isa sa dalawang kategorya. Yaong gumagawa upang makamit ang pagtanggap, o yaong gumagawa dahil sila ay tinanggap na.

Dapat bang magsikap ang Kristiyano pagdating sa pagtupad ng komisyong ito? Oo dapat, mga minamahal kong kapatid. Nangangailangan ng matiyagang pagsisikap upang gawin para kay Kristo ang ginawa Niya para sa Ama. At tuwing magsisimula kang magsalita tungkol sa pagsisikap sa karanasang Kristiyano, ano, halos tiyak, ang nagsisimulang gawin ng mga tao? Nagsisimula silang maging hindi komportable at nagkokonklusyon na napupunta ka sa ano? Katarungan sa pamamagitan ng mga gawa. Ah, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, pakinggan ninyo ako tungkol dito. Ang pagsisikap ng tao ba ay kategorikong gawa? Ganoon ba? Ang pagsisikap ng tao ba ay laging gawa? Lubos na hindi. Gaya sa katarungan sa pamamagitan ng mga gawa, hindi talaga. Ano ang nagpapaging legalismo sa pagsisikap ng tao? ...ginagawa itong katarungan sa pamamagitan ng mga gawa o hindi? Ano ang nagpapaging... Ito

ay ang motibo sa likod nito, tama? Ito ay ang motibo sa likod nito na gumagawa ng malaking pagkakaiba. Kung tayo ay nagsisikap upang makamit ang ating pagtanggap iyan ay, ano? Iyan ay gawa, iyan ay legalismo.

Ngunit kung ako ay nagsisikap dahil mahal at pinasasalamatan ko nang lubos si Hesus para sa libreng kaloob ng pagtanggap na Kanyang ibinigay sa akin bilang libreng kaloob sa walang hanggang halaga para sa Kanyang sarili, at nais kong gawin at maging lahat ng aking makakaya, upang ipakita sa Kanya kung gaano ko Siya kamahal at pinasasalamatan para dito, iyan ba ay legalismo? Isang libong ulit hindi. Iyan ay **pananampalatayang gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig at nagdadalisay sa kaluluwa.** {Galacia 5:6, 1 Pedro 1:22} Amen? {Amen; Purihin ang Panginoon.}

At mga minamahal kong kapatid, narito ako upang sabihin sa inyo na walang nagtatrabahong mas masigasig kaysa sa isang taong namomotiba ng pag-ibig. At hindi nila ito itinuturing na gawain o tungkulin. Sa katunayan ito ay kasiyahan. Amen? Ito ay kasiyahan.

O kapatid na lalaki, kapatid na babae, pakiusap, iwasan natin ang agarang pagtangga na mayroon tayo kapag nagsisimula tayong magsalita tungkol sa pagsisikap ng tao sa karanasang Kristiyano. Hindi ito kategorikong katarungan sa pamamagitan ng mga gawa o legalismo. Ito ay ang motibo sa likod nito na ginagawa itong ganoon, o hindi. Kapag naririnig at tinatanggap natin ang dalawang beses na inulit na katiyakan ng kapayapaan, at nalalaman na tayo ay lubos na tinanggap, inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya sa dugo ni Hesus, at nagagalak sa katotohanang tayo ay tinanggap sa Minamahal, at kapag nagsisimula nating maintindihan ang halagang binayaran ng Diyos Ama, at Diyos Anak, upang tayo ay maging ganoon. Ang ating mga puso ay tumutugon, dapat na tiyak, sa pag-ibig at pasasalamat. Amen? At nais nating gawin at maging lahat ng ating makakaya upang ipakita sa Kanya kung gaano natin Siya kamahal.

At ano ang naririnig nating sinasabi Niya? **"Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman sinusugo ko kayo."** {Juan 20:21} **"Kung ako'y inyong iniibig, tuparin ninyo ang aking mga utos,"** {Juan 14:15} *at hayaan ninyo Akong maibalik sa inyo sa pamamagitan ng Espiritung-binigyang kapangyarihan, pag-ibig na namomotiba sa pagsunod, ang Aking karakter. Sapagkat ang Aking Kautusan ay ang transkrip ng Aking karakter.* {GC 434.1} **"Ang Kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagpapabalik-loob ng kaluluwa."** {Awit 19:7} Kapag minamahal natin ito at sinusunod ang Espiritu nito, na siyang kataas-taasang pag-ibig sa Diyos at hindi makasariling pag-ibig sa iba. Amen? Ang kataas-taasang pag-ibig sa Diyos ay nagbibigay-kakayahan sa atin na sundin ang unang apat. Ang hindi makasariling pag-ibig sa iba ay nagbibigay-kakayahan sa atin na sundin ang huling anim. **"Ang pag-ibig ang katuparan ng kautusan."** {Roma 13:10} At kapag tayo, sa pasasalamat, ay umiibig kay Kristo para sa lahat ng Kanyang ginawa upang iligtas tayo, hindi natin iniisip ang pagsunod bilang tungkulin, iniisip natin ito bilang ano? Isang pribilehiyo at kasiyahan. At tayo ay nabago mula sa loob hanggang labas... nabago mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian.

O mga kaibigan, sana maintindihan natin ang malalim na kahalagahan ng dalawang beses na inulit na katiyakan ng kapayapaan na nauna sa komisyon, **"Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman sinusugo ko kayo."** Tanging kapag naunawaan natin iyon na tayo ay maaaring magkaroon ng wastong at malakas na motibasyon upang gawin para kay Kristo ang ginawa Niya para sa Ama. Ngayon, matapos magbigay ng tiyak na pundasyon, at matapos magbigay ng wastong motibasyon, ibinigay Niya sa atin ang komisyon. **"Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman sinusugo ko kayo."**

Pagkatapos kaagad ng komisyon, ano ang Kanyang ginawa? Narito dumarating ang tubig. Ano ang Kanyang ginawa? **Juan 20:21: "Sinabi nga sa kanila ni Hesus muli, 'Kapayapaan ay sumainyo! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman sinusugo ko kayo.'" Talata 22: "At nag**

masabi niya ito, Siya ay..." ano ang ginawa? **"...hiningan niya sila, at sinabi sa kanila, 'Tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu.'" Naroon ang tubig. Tandaan na ang tubig ay sumasagisag sa Banal na Espiritu. Kaya sa mismong konteksto ng komisyon, ano ang ating nakita? Ang dugo at ang tubig.**

Sa pamamagitan ng dugo tayo ay may kapayapaan sa Diyos. At sa pamamagitan ng tubig tayo ay may kapangyarihan ng Diyos.

At sa kapayapaan at sa kapangyarihan, mga minamahal kong kapatid, magagawa natin para kay Kristo ang ginawa Niya para sa Ama. Amen? {Amen} Magagawa natin... magagawa natin. Ang Banal na Espiritu na Kanyang ibinuhos sa atin, ano ang gawain nito? Ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu?

Colosas 1:19 at 20: "Sapagkat ikalulugod ng Ama na nag buong kapuspusan ay manahanan sa Kanya, at sa pamamagitan Niya ay makipagsundo ng lahat ng mga bagay sa Kanyang sarili, sa pamamagitan Niya, maging ang mga bagay sa lupa o ang mga bagay sa langit , pagkatapos gumawa ng kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang krus." Naroon ang kapayapaan, at iyan ang nagdadala ng motibo ng ano? Pag-ibig. **2 Corinto 5:14 at 15: "Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang nagtutulak sa amin, sapagkat ganito ang aming pagtahol: na kung ang Isa ay namatay para sa lahat, kung gayon ang lahat ay namatay; at Siya ay namatay para sa lahat , upang ang mga nabubuhay ay hindi na mabuhay para sa kanilang sarili kundi para sa Kanya na namatay para sa kanila at muling nabuhay."** Ang kapayapaan ang pundasyon. Ang kapangyarihan ay ang Banal na Espiritu; at ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu? **2 Corinto 3:18,** iyan ang talata: **"Datapwat tayong lahat, na walang talukbong ang mukha..."** ang ating pangunahing talata, **"na tumitingin na gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng..."** sino? **"gaya ng sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon,"** mga kaibigan. Tanging ang Banal na Espiritu lamang ang makapagbabago sa atin. Hindi natin mababago ang ating sarili. Iyan ang dahilan kung bakit, upang matupad ang komisyon, kailangan tayong bigyan ni Kristo ng supernatural na kapangyarihan. Kailangan Niya tayong bigyan ng inspirasyon. Kailangan Niyang ihininga ang Kanyang Espiritu sa atin upang magkaroon tayo ng sapat na kapangyarihan na gawin para sa Kanya ang ginawa Niya para sa Ama.

Ano ang sinasabi ni Kristo tungkol sa Espiritu? **Juan 16:13 at 14: "Gayunman, kapag Siya, ang Espiritu ng katotohanan, ay dumating, papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan; sapagkat hindi Siya magsasalita ng mula sa Kanyang sariling kapangyarihan, kundi anumang marinig Niya ay yaon ang sasabihin Niya; at sasabihin Niya sa inyo ang mga bagay na darating. Luluwalhatiin Niya Ako, sapagkat kukunin Niya ang sa Akin at ipahahayag sa inyo."** Napakakawili; ano ang sinasabi ni Hesus na gagawin ng Espiritu? **"Luluwalhatiin Niya Ako."** Pansinin na isinugo ng Ama ang Anak upang luwalhatiin Siya. Isinugo ni Hesus ang Banal na Espiritu upang luwalhatiin ang Kanyang sarili.

Ngunit may katanungan ako: Niluluwalhati ba ng Banal na Espiritu si Hesus sa parehong paraan kung paanong niluwalhati ni Hesus ang Ama? Hindi. Bakit? Niluwalhati ni Hesus ang Ama sa Kanyang sariling nakikitang persona. Tama? Masasabi Niya, **"Ang nakakita sa Akin ay nakakita sa Ama."** {Juan 14:9} At **Siya ang ningning ng kaluwalhatian ng Kanyang Ama.** {Hebreo 1:3} Ang Banal na Espiritu ba ay isang nakikitang persona dito sa planetang lupa? Hindi. Malinaw na niluluwalhati ng Banal na Espiritu si Kristo sa ibang paraan kaysa kung paanong niluwalhati ni Kristo ang Ama. Paano niluluwalhati ng Banal na Espiritu si Kristo? Sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng pagkakatulad ng karakter ni Kristo sa atin mga kaibigan, oo, tunay nga. Sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng pagkakatulad ng karakter ni Kristo sa Kanyang mga tao. Iyan ang paraan kung paano niluluwalhati ng Banal na Espiritu si Kristo..

Pansinin ang kahanga-hangang pahayag na ito.. **Desire of Ages, pahina 671: "Tungkol sa Espiritu sinabi ni Hesus, 'Luluwalhatiin Niya Ako.' Ang Tagapagligtas ay naparito upang luluwalhatiin ang Ama sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kanyang pag-ibig; kaya ang Espiritu ay luluwalhati kay Kristo sa pamamagitan ng Kanyang biyaya sa sanlibutan. Ang mismong larawan ng Diyos ay dapat na maibalik sa sangkatauhan. Ang karangalan ng Diyos, ang karangalan ni Kristo ay nakasalalay sa kasakdalan ng karakter ng Kanyang mga tao."** O, kapatid na lalaki, kapatid na babae... Pakiusap na maintindihan kung ano ang nakasalalay dito. Una sa lahat, paano niluluwalhati ng Banal na Espiritu si Kristo? Ang mismong larawan ng Diyos ay dapat na maibalik sa sangkatauhan... iyan ay tayo. Niluluwalhati ng Banal na Espiritu si Kristo sa pamamagitan ng pagbabago sa atin mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, tungo sa pagkakatulad ng karakter ni Kristo. Sa pamamagitan ng pagbabago sa atin, sa pamamagitan ng pagbabago ng ating isipan, at pagbibigay-kakayahan sa atin na ipakita sa ating mga salita at sa ating mga gawa at oo, maging sa ating mismong anyo, sa kabuuan ng ating kasalanang-nasirang kakayahan ang kaluwalhatian, ang karakter ni Hesuskristo.

Ngayon tandaan ninyo, kapag ginagawa natin ang ating pinakamabuti... tayo, kahit sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, tayo pa rin ay ano? **Tayo pa rin ay kulang... tayo pa rin ay hindi nakakaabot. {Roma 3:23}** Ngunit hindi dapat iyan ang magpahina ng ating loob. Tingnan ang pahayag na ito sa pahina 34, papunta sa ibaba doon; **Testimonies, tomo 2, pahina 618: "Siya [si Kristo] ay may makapangyarihang impluwensya, sapagkat Siya nag Anak ng Diyos. Tayo ay napakababa sa Kanya, at napakukulang, na kahit gawin natin ang ating pinakamabuti, ang ating mga pagsisikap ay magiging mahina. Hindi natin makakamit at magkakaroon ng impluwensyang taglay Niyam ngunit bakit hindi natin turuan ang ating sarili na lumapit nang eksaktong malapit sa Huwaran hangga't posible para sa atin na gawin, upang magkaroon tayo ng pinakamalaking posibleng impluwensya sa mga tao ."** Mga minamahal kong kapatid, kahit ang pinakamaka-diyos sa Kanyang mga tao ay isa pa ring mahinang repleksyon lamang.

Paano ito inilagay ng Inspirasyon sa pahayag na ibinahagi natin kagabi? **"Ang pinakamararantal at pinakamahinahon sa mga tao ay isa lamang..."** ano? **"Isang mahinang repleksyon ng banal na kagandahan ng karakter ni Kristo."** {MB 49.2} Ngunit hindi dapat iyan ang magpahina ng ating loob. Nakita ninyo, hindi inaasahan ng Diyos na magningning tayo na kasing liwanag ng Araw. Ngunit inaasahan Niya na magningning tayo nang kasingliwanag ng ating makakaya. Amen? **Si Hesus ang ningning ng kaluwalhatian ng Kanyang Ama. {Hebreo 1:3}** Ipinahayag Niya ang walang hanggang perpektong karakter, Siya ang Araw ng Katuwiran. Tayo sa pinakamabuti ay mga buong buwan lamang. Amen? Perpekto sa ating larangan gaya ng Siya ay perpekto sa Kanyang larangan, nagniningning sa kabuuan ng ating kasalanang-nasirang kakayahan. Ngunit kahit ang buong buwan ay isang mahinang repleksyon lamang ng banal na kagandahan ng karakter ni Kristo. Ngunit tulungan nawa tayo ng Diyos na magsumikap, dahil sa pag-ibig ni Kristo, na maging mga buong buwan, amen? ...na maging lahat ng ating makakaya para sa Kanya.

At balik sa pahayag ng Desire of Ages: Ang huling pangungusap ay napaka-makabuluhan. **"Ang karangalan ng Diyos, ang karangalan ni Kristo, ay nakasalalay sa kasakdalan ng karakter ng Kanyang mga tao."** O kapatid na lalaki, kapatid na babae, para sa sinumang umiibig kay Kristo, iyan ay dapat na maging malakas na motibasyon. Nakikita ninyo kung tunay nating minamahal si Kristo nais nating parangalan Siya, hindi ba? May nakakarinig ba ako ng "amen"? {Amen} Nais nating parangalan Siya. At paano natin Siya pinarangalan? Sa pamamagitan ng wastong pagkatawan sa Kanya. Iyan ang dahilan kung bakit sinabihan tayo na ang karangalan ng Diyos, ang karangalan ni Kristo, ay nakasalalay sa kasakdalan ng karakter ng Kanyang mga tao. Ang lahat ay nakasalalay dito... ang lahat ay nakasalalay.

Hayaan ninyong magbahagi ako ng kuwento sa inyo. Sinabi ito sa akin ng aking ama, ngunit narinig niya ito mula sa kanyang ama. Ang aking lolo ay isang ministro sa Iglesyang Seventh-day Adventist at ganoon din ang aking ama. Ang aking lolo, pagpalain ang kanyang puso, ay nagturo ng Bible sa Academy sa buong panahon ng kanyang ministryo. At siya ay isang napakahusay na guro ng Bibliya. Alam ko iyon dahil maraming beses na lumapit sa akin ang mga may pusong pilak at nagsasabi, "*Maaari ka bang may kaugnayan kay Lyle Wallace?*" At lagi akong ngumingiti at nagsasabi "*Oo, siya ang aking lolo.*" At karaniwan silang napapaiyak, at nagsasabi, "*Hindi ko masabi sa iyo ang impluwensyang nagawa niya sa aking buhay sa klase ng Bibliya, sa Academy.*" Siya ay kilala sa mga kuwentong kanyang ikinukuwento para ilarawan ang mga espirituwal na katotohanan. At sinabi sa akin ng aking ama ang isang ito. At sana ay maikuwento ko ito nang kasing husay ng pagkakasabi ng aking ama, at hiniling ng aking ama na sana ay maikuwento niya ito nang kasing husay ng pagkakasabi ng kanyang ama. Kaya marahil ito ay humina sa paglipas ng mga henerasyon ngunit gagawin ko ang aking makakaya, dahil ito ay nagsasabi at nagpapakita ng katotohanang nais kong maihatid sa inyong mga puso ngayong gabi.

Si Hesus ay natapos na ang Kanyang misyon sa planetang lupa, upang ipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa tao, at ibalik ang kaluwalhatian ng Diyos sa tao. Natapos na Niya ang dalawang bahagi sa punto ng sigaw ng tagumpay na "**naganap na.**" {**Juan 19:30**} Naaalala ninyo... Maging ang pangalawa, sa ganyang paraan ay ganap Niyang naibalik ang kaluwalhatian ng Diyos sa Kanyang sarili para sa ating kapakanan, ngunit pati na rin sa paggawa ng ganap at kumpletong at sapat na probisyon, kung saan ang Kanyang kaluwalhatian ay maibabalik sa atin para sa Kanyang kapakanan. At matapos ganap at walang kapintasang matupad ang Kanyang misyon, Siya ay bumalik sa langit, sa papuri ng buong walang kasalanang sansinukob. At habang Siya ay papalapit may sigaw, "**Sino itong Hari ng kaluwalhatian?**" {**Awit 24:8, 10**} "**Sino itong Hari ng karakter?**" At dumating ang sagot. At pagkatapos ang tanong ay inulit, hindi dahil hindi nila narinig sa unang pagkakataon o hindi naintindihan, kundi dahil gusto lang nilang marinig ang kanilang Panginoon, na kanilang minamahal ng kanilang buong puso, na pinupuri. At ang mga pintuan ay bumukas, at Siya ay pumasok, at lahat ng mga anghel ay nagmamadaling lumapit upang yumuko at sumamba sa Kanya, ngunit Siya... itinaas ang Kanyang mga kamay; at hindi Niya nais tanggapin ang kanilang pagsamba hanggang hindi Niya natitiyak mula sa Ama, na ang Kanyang sakripisyo ay sapat para tayo ay makasama sa Kanya doon.

Dapat ninyong mahalin ang isang Panginoong katulad niyan. May nakakarinig ba ako ng "amen"? {Amen} Dapat ninyong mahalin ang isang Panginoong katulad niyan.

At nang Siya ay pumunta sa Ama at lubos na natiyak na nagawa Niya ang lahat ng kinakailangan upang maging posible para sa sinumang nais lumapit sa paanan ng krus at tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya ang dalawahang probisyon ng biyaya na makarating doon kasama Niya magpakailanman at makita Siya kung ano Siya, upang makita ang Kanyang kaluwalhatian at ipakita ito sa walang katapusang panahon. Nang makuha Niya ang katiyakang iyon, pagkatapos ay lumabas Siya at tinanggap ang pagsamba at pagpupuri ng mga hukbo ng mga anghel... ngunit hindi hanggang noon. At pagkatapos ay nagsimula silang magtanong sa Kanya tungkol sa Kanyang misyon. At gustong-gusto nilang marinig ang Kanyang mga kuwento, kung paano Niya napakahusay at napakakumbinsing at hindi mapasusubaliang pinawalang-saysay ang lahat ng kasinungalingan ng diyablo tungkol sa karakter ng Diyos, at kung gaano Niya perpektong ipinahayag ang katotohanan. At may kagalakan sa mga puso ng lahat ng hukbo ng mga anghel habang natatanto nila kung gaano kaganda ipinahayag ni Kristo ang karakter ng Diyos sa nahulog na lahi.

Ngunit pagkatapos, matapos ang ilang panahon, may isang grupo ng mga anghel na malinaw na nag-uusap ng isang bagay sa kanilang sarili. At isa sa kanila ay nagtaas ng kamay, at kinilala siya ng Panginoon, at sinabi niya, "*Panginoon, kami ay lubos na nagpapasalamat, sa paraan kung paano Ninyo*

perpektong tinupad ang Inyong misyon, upang ipahayag ang karakter ng Ama. Kami ay lubos na nagpapasalamat sa paraan kung paano Ninyo pinasinungalingan at pinawalang-saysay ang lahat ng mga akusasyon ng diyablo tungkol sa karakter ng Diyos. Ngunit mayroon kaming inaalala, at iniisip lang namin kung sino ang magpapatuloy na gagawa niyan sa planetang lupa ngayong Kayo ay narito? Nakikita ninyo alam namin na si Satanas ay hindi nagbago. Patuloy siyang nagsisinungaling tungkol sa Inyong karakter ngayon, pati na rin sa Ama. At patuloy siyang naghahangad na magsinungaling tungkol sa Inyo at ilayo ang mga tao sa Inyo, sa pamamagitan ng pagkumbinsi sa kanila na hindi Kayo tunay na Diyos ng pag-ibig. At kaya lubos naming nalalaman na may tunay na pangangailangan sa planetang lupa para sa isang tao na magpatuloy na magpahayag ng katotohanan tungkol sa Inyong karakter. Sino ang gagawa niyan ngayon Panginoon, pakiusap? Kami ay nag-aalala... sabihin niyo po sa amin sino ang gagawa niyan ngayon?"

At sinabi ni Hesus, "Buweno, hindi ninyo kailangang mag-alala. May mga piling kalalakihan at kababaihan akong iniwan. Naroon si Pedro, at si Santiago at si Juan, at si Tomas at..."

Sinabi ng mga anghel, "Panginoon, alam Ninyo iyan ang aming inaalala. Kilala namin ang mga lalaking iyon. Panginoon, alam Ninyo, si Pedro... hindi pa naman gaanong katagalan, itinanggi Niya Kayo nang may panunumpa. At sina Santiago at Juan, ang mga anak ng kulog na iyon... gusto nilang magpaulan ng apoy at sunugin ang buong lungsod dahil hindi sila tinrato nang maayos. At si Tomas, alam Ninyo kung gaano katagal bago siya maniwala sa anumang bagay. Tiyak hindi Kayo umaasa sa kanila. Paano kung bibiguin nila Kayo? Ibig kong sabihin... wala ba... wala ba Kayong planong B? Tiyak mayroon Kayo, dapat may alternatibo Kayo, isang pangalawang plano. Ibig kong sabihin, hindi naman Kayo tunay na umaasa sa kanila, hindi po ba?"

At sinabi ng Panginoon, "Hindi lang sila. May iba pa... may iba pa. Naroon si David... si Maria... at si Steve, at si Jeff... si Phil at si Les."

At inunahan ng anghel at sinabi, "Panginoon, alam Ninyong wala kaming kaalaman sa hinaharap tulad Ninyo, kaya hindi namin kilala ang mga taong iyon, pero hindi ba't mga tao ang lahat ng binabanggit Ninyo?"

At sinabi ng Panginoon, "Oo."

At sinabi ng anghel, "Alam Ninyo, nag-aalala pa rin kami. Nag-aalala pa rin kami, dahil nakita Ninyo... napakasama ng kanilang rekord, Panginoon, alam Ninyo iyan. Silang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian. Tiyak hindi Kayo umaasa sa mga tao para ipahayag ang katotohanan tungkol sa Inyong karakter. At alam Ninyo sa katapusan ng malaking kontrobersiyang ito, kailangan may magpahayag sa mundo ng Inyong karakter. Iyan ang kailangan para madala ito sa dakilang sukdulan at matapos. Kaya pakisabi sa amin na may pangalawang plano Kayo, hindi po ba? Paano kung bibiguin nila Kayo? Ano ang plano B, Panginoon? Sabihin Ninyo sa amin... tiyak may pangalawang plano Kayo."

At may katahimikan sa loob ng ilang sandali at sa wakas ay sinabi ng Panginoon, "Wala."

"Wala akong pangalawang plano. Umaasa ako sa kanila. Hindi nila Ako maaaring biguin. Ang lahat ay nakasalalay."

Tumayo po kayo kasama ko para sa panalangin? Aming Ama sa Langit, tulungan Ninyo po kaming huwag Kayong biguin... sa mga huling oras ng kasaysayan ng mundo, kung kailan kailangan Ninyo ng mga taong magpapahayag sa bawat bansa, lahi, wika at bayan ng mahalagang mensahe at ipakita sa kanila ang Inyong pag-ibig. Panginoon, napakahalaga na tayo ay maging ganyang mga tao. Tulungan Ninyo kami, alang-alang sa pag-ibig ni Kristo, na lumapit sa paanan ng krus at tanggapin ang dugo at tubig, ang kapayapaan at ang Banal na Espiritu, ang kapatawaran at ang kapangyarihan, ang

nagpapatawad na biyaya at ang nagbibigay-kakayahang biyaya, upang magawa namin para kay Kristo ang ginawa Niya para sa Inyo, pakiusap Panginoon. Tulungan Ninyo kaming huwag Siyang biguin. Sa Kanyang pangalan kami nananalangin. Amen.